Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-05 NG MARSO, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

## KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 32-2020

ISANG KAPASIYAHAN NA MAGALANG NA HUMIHILING SA PUNONG LUNGSOD KGG. GILBERT T. GATCHALIAN NA MAHIGPIT NA MAIPATUPAD ANG KAUTUSANG PANLALAWIGAN BLG. 2012-09 O' BATAS PATUNGKOL SA PAGBABAWAL SA PAGGAMIT AT PAGBEBENTA NG MGA NON-BIODEGRADABLE PLASTIC BAGS O' SUPOT, STYROFOAM AT IBA PANG KAHAWIG NA GAMIT SISIDLAN SA NASASAKUPAN NG LUNGSOD, AT KAUGNAY NA RIN SA MAHIGPIT NA TAGUBILIN NG KORTE SUPREMA SA DEPARTMENT OF ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES (DENR) NA MAIPATUPAD NILA ANG PAGBABAWAL SA MGA GAMIT NA GANITO.

PANGUNAHING MAY-AKDA: KGG. ENRICO C. CAPULE AT KGG. DIONISO C. MENDOZA
KAMAY-AKDA: KGG. NOEL G. PINEDA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. EDGARDO F. DOMINGO,KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ

**SAPAGKAT**, ang layunin at adhikain ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos ay matugunan at masolusyonan ang bawat suliranin at pangangailangan ng bawat mamamayan ng Lungsod;

**SAPAGKAT**, layunin din ng pamahalaan na pangalagaan ang kapaligiran at kung kinakailangan ay magpataw ng parusa para sa mga gawaing maglalagay sa kapaligiran sa panganib;

**SAPAGKAT**, isa ang plastic sa nagiging sanhi ng pagbaha sa mga bayan sa Lalawigan ng Bulacan at isa ang ating lungsod sa lubos na nakararanas ng ganitong suliranin lalo na't sasapit ang panahon ng tag-ulan at malakas na bagyo;

**SAPAGKAT**, batay sa Kautusang Panlalawigan Blg. 2012-09 ng Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan ay mahigpit na ipinagbabawal sa nasasakupan nitong mga bayan at syudad ang paggamit at pagbebenta ng *non-biodegradable plastic bags* o' supot, *styrofoam* at iba pang kahawig na gamit sisidlan;

**SAPAGKAT**, batay na rin sa mahigpit na direktiba ng Korte Suprema (Supreme Court of the Philippines) sa Department of Environment and Natural Resources (DENR) na makagawa ng hakbang upang tuluyan ng ipagbawal ang paggamit ng *single-use plastics* sa mga *local government units*;

**SAPAGKAT**, itinatadhana ng Seksyon 458 ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na tungkulin ng Sangguniang Panlungsod ang pagpapatibay ng mga ordinansa at paggawa ng mga kapasiyahang kinakailangan para sa mabisang pamamahala sa lungsod kabilang dito ang paggawa ng pamamaraan sa pangangalaga at pagpreserba ng likas na yaman ng ating kapaligiran;

Kung kaya't sa magalang na kahilingan ni Kgg. Enrico C. Capule, na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI — KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI — KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI — KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI — KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI — KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI — KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI — KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI — KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI — KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI — KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

**IPINASYA,** gaya ng dito ay ginawang pagpapasiya, na magalang na hinihiling sa Punong Lungsod - Kgg. Gilbert T. Gatchalian na mahigpit na maipatupad ang Kautusang Panlalawigan Blg. 2012-09 o' batas patungkol sa pagbabawal sa paggamit at pagbebenta ng mga non-biodegradable plastic bags o' supot, styrofoam at iba pang kahawig na gamit sisidlan sa nasasakupan ng Lungsod, at kaugnay na rin sa mahigpit na tagubilin ng Korte Suprema sa Department of Environment and Natural Resources (DENR) na maipatupad nila ang pagbabawal sa mga gamit na ganito.

PINAGTIBAY.

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*03052020